DEPARTMENT OF
ENVIRONMENT AND
NATURAL RESOURCES

DEC 13 1991

**ESPESYAL NA UTOS)**
**BILANG** 1197 **:**
**TAON NG 1991 )**

PAKSA : Ang Paghirang sa Lider-Kabataan bilang "Deputized Natural Resources and Environment Officer" ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan .

Alinsunod sa pinaiiral na Pampangulong Kautusan bilang (P.D.) 704, 704, at 1181, kasama ng mga nabagong bahagi nito, ang lider-kabataan ng Youth Movement for Environment and Sustainability, U.P. Diliman, Quezon City na si RANI E. RODRIGUEZ ay hinihirang bilang "Deputized Environment and Natural Resources Officer."

Sa pamamagitan ng paghirang na ito, si RANI E. RODRIGUEZ ay binibigyan ng mga sumusunod na kapangyarihan na maaari niyang isagawa sa loob ng kanyang nasasakupan:

1. Magsiyasat ukol sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa mga paglabag sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng Kagawaran ng Kalikasan at Likas na Kayamanan sa larangan ng pangingisda, panggungubat, at pangangalaga sa hangin at tubigan;

2. Umaresto ng mga tao na lumabag, kasalukuyang lumalabag at may balak na gumawa ng labag sa nabanggit na mga batas na kanyang makikita; ito ay maaaring isagawa nang walang kasulatan sa pag-aresto at ayon sa nasasaad sa PD bilang 704, 705 at PD 11;

3. Magkumpiska ng:

   (a) mga kagamitan/sasakyan at tulad nito na ginamit sa paglabag sa nabanggit na mga batas/ alituntunin; at

   (b) mga yamang gubat, dagat/tubig na kinuha at dinala ng mga lumabag sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng DENR.

4. Magbigay katunayan sa mga salaysay ukol sa mga opisyal na mga bagay na may kaugnayan sa mga tungkulin ng DENR; at

5. Kumuha ng mga pinangakuang salaysay o "sworn statement" sa mga opisyal na pagsisiyasat sa ilalim ng mga nabanggit na batas/alituntunin.